2502-1319
DepEd DIVISON OF TANGUB CITY
CITY OF TANGUB
RELEASED
DATE MAR 0 7 2025 5:20pm

Republic of the Philippines
Department of Education
Region X
SCHOOLS DIVISION OF TANGUB CITY

Pebrero 18, 2025

MEMORANDUM PANSANGAY

Blg. 72 s. 2025

**TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO KURIKULUM**

Para kina: Kawaksing Tagapamanihala ng Sangay
Pinuno ng CID at SGOD
Tagamasid Pansangay sa Lahat ng Asignatura
Superbisor ng mga Pandistritong Paaralan
Tagapangasiwa ng mga Paaralang Elementarya at Sekundarya
Sangay na ito

1. Ang Sangay ng Lungsod ng Tangub sa pangunguna ng Curriculum Implementation Division (CID) ay magdaraos ng **Tagisan ng Talento sa Filipino Kurikulum** sa Tangub City Central School, Lungsod ng Tangub, sa darating na Marso 21, 2025.

2. Layunin ng paligsahan ay ang sumusunod:

a. Naipahahayag ng mga mag-aaral ang sariling pag-unawa sa mga simbolo at larawang kuwento sa pamamagitan ng malikhaing pagkukuwento.
b. Naipakikita ng mga mag-aaral ang katatasan sa pagbasa at paglalahad ng mensahe na may tamang lakas, damdamin at ekspresyon sa pamamagitan ng kasanayan sa pagbabalangkas ng isang kuwento gamit ang palarawang teksto.
c. Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komukatibo, mapanuring pag-iisip, pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto tungo sa pagkakaroon ng kamalayang global.
d. Nailalantad ang kakayahan at kahusayan ng mga nagwaging mag-aaral sa darating na Regional Festival Of Talents (RFOT).

3. Lahat ng klaster ng mga disritong paaralang elementarya ay magsasagawa ng pandistritong paligsahan para sa Unang Yugto ( Ikatlong Baitang) at Ikalawang Yugto (Ikaanim na Baitang) ayon sa mga gabay na tuntunin at mekaniks sa bawat kategorya ng paligsahan na sasalihan sa lahat ng mga paaralang sakop nito.

4. Ang mga kalahok na makakuha sa unang talong pwesto ng bawat yugto ay lalaban sa itinatakdang pandibisyong tagisan na pagpipilian ng isang pinakamagaling para sa Regional Festival Of Talents (RFOT).

5. Ang mga kagamitan at iba pang kasangkapan na kakailanganin at gagamitin sa pandistritong paligsahan ay tanging responsibilidad ng bawat klaster na distrito.

6. Lahat ng sekundaryang paaralan sa Dibisyong ito ay awtomatikong sasali sa pandibisyong paligsahan para sa Ikatlong Yuto (Ikasampung Baitang) na kategorya.

7. Gawaran ng medalya at sertipiko ang mga kalahok na mananalo sa una, ikalawa at ikatlong pwesto at makatanggap din ng sertipiko ng pagkilala ang lahat na lumahok kasama ang mga tagasanay.

8. Ang Dibisyon ay bubuo ng mapagkatiwalaang lupon ng mga inampalan para sa isang matiwasay at matagumpay na Tagisan ng Talento sa Filipino Kurikulum.

9. Kalakip sa panandaang ito ay ang kabuoang patnubay saklaw ng Read- A-Thon Filipino.

10. Pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa kinauukulan ay lubos na inaasahan.

**SHAMBAEH A. ABANTAS-USMAN,PhD, CESO VI**
Tagapamanihala ng Sangay

Encl: As stated
Reference: None
To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

CURRICULUM: FILIPINO

SAU/CID/rpd